# JEFFERSON Elementary School District

*Governing Board*
Shakeel Ali
Andrea Jordan
Manufou Liaiga-Anoa'i
Aaron Rashba
Anthony Tsujisaka

*Superintendent*
Sandy Mikulik

Mga Magulang, Tagapag-alaga, Mag-aaral, at Guro:

Alinsunod sa *Batas sa Edukasyon Code* Seksyon 35186 ng California, ipinababatid sa inyo sa pamamagitan nito na:

1. Nararapat na may sapat na mga aklat at mga kagamitan sa pag-aaral. Ito ay nangangahulugan na ang bawat mag-aaral, kabilang ang mga mag-aaral ng Ingles, ay dapat na may aklat o mga kagamitan sa pag-aaral, o pareho, upang magamit sa klase at maiuwi.

2. Dapat na malinis, ligtas, at napapanatiling nasa maayos ang mga pasilidad ng paaralan.

3. Kailangang walang bakanteng posisyon sa guro o maling pagtatalaga. Kailangang may isang guro na nakatalaga sa bawat klase at hindi isang hanay ng mga panghalili (substitute) o ibang pansamantalang mga guro. Kailangang may naaangkop na mga katibayan ang guro upang magturo sa isang klase, kabilang na ang sertipikasyong kinakailangan upang magturo sa mga mag-aaral ng Ingles kung mayroon man.

   Ang bakanteng posisyon sa guro ay nangangahulugan na ang isang posisyon kung saan walang naitalagang sertipikadong empleyado sa umpisa ng taon para sa buong taon o, kung ang posisyon ay para sa isang kursong pang-isang semestre, ang isang posisyon kung saan ang itinalagang sertipikadong empleyado ay hindi naitalaga sa umpisa ng semestre para sa buong semestre.

   Ang maling pagtatalaga ay nangangahulugan ng pagtatalaga sa isang sertipikadong empleyado na nasa posisyon ng pagtuturo o paglilingkod kung saan ang empleyado ay walang pinanghahawakang legal na sertipikasyon o katibayan o ang pagtatalaga ng isang sertipikadong empleyado sa isang posisyon ng pagtuturo o paglilingkod kung saan ang empleyado ay walang kautusan upang manatili rito.

**4.** Maaaring makahingi ng isang form ng pagreklamo sa opisina ng paaralan, opisina ng distrito, o maaaring i-download mula sa Web site ng paaralan sa www.jsd.k12.ca.us. Maaari rin ninyong i-download ang isang kopya ng form ng pagreklamo ng California Department of Education mula sa sumusunod na Web site http://www.cde.ca.gov/re/cp/uc.